

Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center (GIC)

International Exchange at Multicultural Magazine
GIFU INTERNATIONAL CENTER

2024 Hulyo **No.159**

© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモト # 0195



Bukas na ang Gifu Prefectural Japanese Learning Support Center!

Sa International Exchange Center, nagbukas kami ng “Gifu Prefecture Japanese Language Learning Support Center” upang tulungan ang mga dayuhan na naninirahan sa lalawigan. Layunin nito na magbigay ng pagkakataon para matuto ng wika at kultura ng Hapon na may kinalaman sa araw-araw na buhay, at suportahan ang paglikha ng isang magandang kapaligiran para sa pag-aaral.

Sa seremonya ng pagbubukas noong Hunyo 18, nagbigay ng pambungad na pananalita sina Gobernador Furuta at Chairman Yoshida. Kasunod nito, nagbigay ng pagbati si Mr. Yagi, MEXT Deputy Director-General para sa Pagpapalaganap ng Edukasyon sa Lipunan, bago inilabas ang bagong signboard.

Ang “Japanese Language Learning Support Center” ay magbibigay ng mga konsultasyon para sa pag-aaral ng wika ng Hapon. Maliban dito, magbibigay din ito ng tulong kaugnay sa online Japanese class, pagsasanay para sa mga guro ng wika ng Hapon, at suporta para sa mga lokal na pamahalaan at kumpanya na nagtatag ng mga klase sa wika ng Hapon.



Chairman Yoshida



Governor Furuta



Director General Yagi


Kilalanin ang bagong Coordinator para sa International Relations!

Magandang makilala kayong lahat, ako si Yin Xiuzhen. Mula ako sa lalawigan ng Jiangxi sa China. Nagsimula akong magtrabaho bilang isang Coordinator para sa International Relations (CIR) dito sa Gifu International Center noong Abril.

Ito na ang ikatlong beses ko sa Japan, ngunit labingdalawang taon na mula nang huli akong nandito.


Ito ang unang beses ko sa Gifu Prefecture ngunit dati na akong pamilyar sa lugar na ito dahil sa matagal na friendship ties ng Gifu at Jiangxi na may 35 taon na. Ang Gifu Prefecture, na pinagpala ng kahanga-hangang kalikasan, ay itinuturing na isang dapat puntahan na tourist destination sa Japan. Ang aking lalawigan ng Jiangxi ay may maraming lugar na katulad ng Gifu. Mayroon ding magandang tanawin ang Jiangxi at puno ng mga atraksyon sa kultura. May mga kamangha-manghang bundok, malinaw na mga ilog, antigong bayan, tradisyunal na mga bahay, at mga makasaysayang pook na arkeolohikal na nasa listahan bilang UNESCO World Heritage Site. Sa kabilang dako, ang kapital na lungsod ng Jiangxi na Nanchang ay isang modernong lungsod na puno ng mga mataas na gusali. Kung kaya't sa Jiangxi, makikita ang pagtatagpo ng makasaysayan at makabagong panahon. Mangyaring bumisita kung may pagkakataon kayo at tamasahin ang maraming kaakit-akit na ganda ng Jiangxi.

Napakalaking karangalan para sa akin na magkaroon ng pagkakataon na magtrabaho bilang isang CIR sa Gifu International Center. Inaasahan kong makapag-adjust agad upang magampanan ko nang maayos ang aking mga tungkulin at makapag lingkod. Ang aking kasalukuyang mga gawain ay kinabibilangan ng interpreter at translator, pagpapatakbo ng mga klase sa wikang Tsino at mga kaganapan sa multikultural, atbp. Ako ay labis na nasasabik na makilahok sa palitan ng kultura at makipag-ugnayan sa mga tao ng Gifu Prefecture. Ako ay umaasang makatrabaho at makilala kayong lahat sa malapit na hinaharap!



**Pagpapakilala
sa mga Grupo na
Nagpapatakbo
sa Gifu**

Gifu Prefecture-Polish Exchange Association



Noong Pebrero 27, kasama si Gobernador Hajime Furuta ng Gifu Prefecture, Tagapangulo ng Kapulungan ng Gifu na si Ikuo Nojima at ang Alkalde ng Ena na si Takane Kosaka bilang mga tagapayo, pinasinayaan nila ang pagtatag ng 'Gifu Prefecture- Polish Exchange Association'. Si Shinichiro Abe, Ena City Tourism Association President, at si Kumiko Tashiro, Ena City International Exchange Association President, ang itinalaga bilang president at vice-president ng association.

Isinagawa ang seremonya sa Embahada ng Poland sa Tokyo at ang mga panauhin ay ang Polish Ambassador sa Japan na si Pawel Milewski, kasapi ng House of Representatives na si Keiji Furuya at ang Foreign Affairs Vice Minister na si Yoshifumi Tsuge.

Ang oportunidad upang mabuo ang exchange na ito ay dumating noong napili ang Ena City na maging pre-competition training camp site para sa Polish canoe team na sumali sa Tokyo 2020 Olympic at Paralympic Games.

Lumalim ang ugnayan ng dalawa sa kalaunan at, sa pagsakop ng Russia sa Ukraine, ang Ena City ay nagawang makalikom at magpadala ng malaking donasyon para sa mga Ukrainian refugees. Personal na pumunta ang embahador sa Ena Kita Junior High graduation ceremony upang iparating ang mensahe ng pasasalamat sa mga mag-aaral para sa kanilang pagsisikap sa fundraising. Noong Agosto 2023, pumirma ang Silesian Voivodeship, isang lalawigan ng Poland, at ang Gifu Prefecture ng isang memorandum ng pagkakaibigan at kooperasyon. At noong Marso 28, 2024, pagkatapos ilunsad ang Exchange Association, pumirma ang Manggha Museum of Japanese Art and Technology (sa Krakow, Poland) at ang Hiroshige Museum of Art (sa Ena) ng kasunduan ng pagkakaibigan at kooperasyon. Sa pagpirma ng kasunduan, ang Manggha Museum Director na si Katarzyna Nowak, limang iba pang staff members ng museyo, at ang Polish Institute in Tokyo Director na si Urszula Osmycka ay bumisita sa Ena City at nagawang paigtingin ang kanilang ugnayan.

Patuloy itataguyod ang mga proyekto na may layuning pagyabungin ang palitan sa Poland.



(Hulyo 2021) Ang Poland canoe team ay nag-ensayo nang pampubliko para sa Tokyo Olympics.

Ang mga bata ay sumusuporta para sa kanila gamit ang mga gawa nilang pamaypay na may disenyo ng bandila ng Poland.



(Pebrero 2024) Mula sa kaliwa, ibinigay ni Pawel Milewski, Embahador ng Poland sa Japan, ang mga regalong bulaklak kay Association President Abe at Vice President Tashiro sa seremonya ng pagbubukas ng Gifu Prefecture-Polish Exchange Association.

48th All- Japan Senior High School Cultural Festival
Gaganapin sa Gifu, Seiryu no Kuni 2024
Hulyo 31 (Miy) ~ Agosto 5 (Lun) 2024, sa loob ng 6 na araw

~Ano ang All- Japan Senior High School Cultural Festival?~

Ang All- Japan Senior High School Cultural Festival ay isang taunang pagdiriwang ng mga aktibidad sa sining at kultura na kinabibilangan ng mga senior high na mag-aaral sa buong Japan. Gaganapin ito sa loob ng anim na araw mula Miyerkules, ika-31 ng Hulyo hanggang Lunes, ika-5 ng Agosto. Ang lokasyon ng kaganapan ay pumapalit-palit sa lahat ng mga lalawigan sa Japan, kaya ngayong taon ang Gifu Prefecture ang magdaraos ng kaganapan para sa unang pagkakataon sa loob ng 40 taon.

Humigit-kumulang na 20,000 mga high school na mag-aaral mula sa buong bansa ang magtitipon-tipon at humigit-kumulang na 100,000 na mga bisita ang dadalo sa pista, ito ay magiging pinakamalaking kulturang lokal na kaganapan sa Japan.

Bukod dito, may mga mag-aaral mula sa ibang bansa na inimbata at lalahok sa pangkalahatang opening ceremony at sa parada. Makikipag-ugnayan din sila sa mga high school na mag-aaral ng Gifu Prefecture.

Buod:

Kaganapan	Opening ceremony, Parada
Itinakdang mga dibisyon (kabuuang 19)	Teatro, korong, musika ng hangin, musikang instrumental at orkestral, tradisyonal na musikang Hapones, pagtatanghal ng tula na sinasamahan ng sayaw ng tabak, katutubong libangan, marching band at baton twirling, sining at kraits, kaligrafiya, potograpiya, brodkasting, Go, Shogi, debate, Hapones na paglalaro ng baraha batay sa klasikong Ogura Hyakunin Isshu poetry anthology, pahayagan, literatura, natural na agham
Kooperatibong mga dibisyon	Paaralang espesyal na pangangailangan, lokal na pag-aaral, kompetisyon sa pag-aayos ng mga bulaklak

'39th National Cultural Festival' at '24th National Arts and Culture Festival para sa mga may kapansanan'

"National Cultural Festival 2024"

Oktubre 14 (Lun, Nat'l holiday) ~ Nobyembre 24 (Lin) 2024

~Ano ang National Cultural Festival 2024?~

Ang National Cultural Festival 2024 (o *Seiryu no kuni Gifu Bunkasai*) ay ang piniling pangalan para sa pinagsamang '39th National Cultural Festival' at '24th National Arts and Culture Festival para sa mga may kapansanan'.

Ito ay isang pista kung saan iba't ibang uri ng mga aktibidad sa kultura ay prinepresenta, pinapakita at ibinabahagi sa nasyonal na entablado. Gaganapin ito sa loob ng 42 araw mula Lunes, ika-14 ng Oktubre hanggang Linggo, ika-24 ng Nobyembre. Sa buong panahong ito, magkakaroon ng iba't ibang kaganapan sa bawat munisipalidad at lugar ng lalawigan upang ang lahat ay maging pamilyar sa kultura at sining.

Ang slogan ng festival ay "Pagkakaisa at Pagkakonekta para sa Kinabukasan: Paglikha ng *Seiryu Bunka*". Ginamit sa slogan ang keyword na "*seiryu*" (malinaw na tubig), isang mahalagang pagkakakilanlan ng Gifu, upang ipahayag ang layunin na palawakin ang pag-promote ng lokal na yaman at mga pagsisikap ng mga lokal na mamamayan sa loob at labas ng bansa, kasama ang paglikha ng mga bagong pagkakataon para makipag- ugnayan at makabuo ng kultura na natatangi sa Gifu para sa 'post-COVID era'.

Para sa mga dayuhang nagbubuntis na manganganak at magpapalaki ng anak sa Japan

日本で出産、子育てをされる外国籍の妊産婦さんへ

FREE

Karamihan sa mga serbisyo para sa kalusugan ng ina at anak sa Japan ay libre

日本の母子保健サービスの多くは無料です

Sa Japan, ang bawat uri ng pagsusuri sa kalusugan at mga klase, pati ang pagbibisita ay halos libre kaya masigasig na gamitin ang mga serbisyo ng ito. Lalo na ang pagsusuri sa kalusugan ng sanggol upang matignan ang paglaki ng inyong anak, ay napakahalaga. Huwag kaligtaan ang magpasuri. May hindi libreng uri (pagsusuri sa kalusugan para sa mga nagbubuntis, mga isinasagawang bagay sa pag-aalaga ng katawan pagkatapos manganak, atbp) ngunit ang lokal na pamahalaan ng inyong tinitirahang munisipalidad ay may tulong na ibinigay upang mapagaan ang babayaran.



FREE

Libre rin ang ambulansiya

救急車も無料です

Kung ang inyong anak ay biglang nagkasakit, tumawag sa 119 upang humiling ng ambulansiya. Ang ambulansiya ay isang serbisyo na pinamamahalaan ng lokal na pamahalaan at walang bayad ito. Kapag tumawag na gamit ang mobile phone, siguraduhing alam ninyo ang inyong address.



Hindi naggagamot ang Sentro ng Komprehensibong Suporta para sa mga Pamilyang may Bata (Public Health Center)

子育て世代包括支援センター（保健センター）では治療はしません

Ang Sentro ng Komprehensibong Suporta para sa mga Pamilyang may Bata (Public Health Center) ay isang tanggapan ng lokal na pamahalaan na nagbibigay ng walang putol na suporta para sa mga magulang at bata sa panahon ng pagbubuntis at magpapalaki ng bata (bago pumasok ang bata sa elementarya). Kumonsulta lamang tungkol sa anumang bagay tungkol sa inyong sarili o sa inyong anak. Ang mga dalubhasa ay hindi lamang nagbibigay ng konsulta, tumutulong din upang makamtan ang mga kinakailangang serbisyo. Sa kabilang banda, ang mga kapanganakan, pagbabakuna, at paggamot ng sakit at pinsala ay isinasagawa sa mga pagamutan.



Kapag nakaramdam ng kahirapan sa pagpapalaki ng bata
育てにくさを感じたら

Habang lumalaki ang inyong anak, maaaring may pagkakataong naiisip ninyo na...ang anak naming walang tigil ang kilos, laging hindi mapakali, kapag nakatutok sa isang bagay hindi na nakikita ang paligid, ang ibang bata naman nakikinig kapag pinagsabihan, bakit...Sa kasong ito, kumonsulta sa public health nurse ng Sentro ng Komprehensibong Suporta para sa mga Pamilyang may Bata (Public Health Center) o sa inyong pediatrician. Kapag masabihan kayo na ang pagtubo ng inyong anak ay naiiba sa ibang mga bata sa isang pagsusuri sa kalusugan ng inyong isingawa, tignan ang personalidad ng inyong anak habang tumatanggap ng suportang kailangan at sikapin na mapaganda ang kanyang magagandang katangian.

Ang karahasan ay masama x

暴力は×です

Bago at pagkatapos manganak, nagbabago bigla ang balanse ng inyong mga hormone, at pagkatapos manganak, nagiging kayo bawat 2 hanggang 3 oras sa pagpapasuso at pagpapalit ng lampin, ito ay nagiging sanhi ng pagkapagod ng isip at katawan, na maaaring magdulot ng stress kaya maaaring mapalo ninyo ang inyong anak. Marahil ang inyong asawa ay hindi rin makatutog sa pag-iyak ng inyong sanggol na nagiging karagdagan stress pa sa stress ng trabaho, at maaaring maging sanhi ito ng paninigaw at pamamalo. Ngunit ang pagpalo o pagsipa ay ipinagbabawal sa anumang kadahilanan! Kapag naiipon na ang inyong pagkainis, siguraduhin muna ang kaligtasan ng anak, pagkatapos ay lumayo muna sa anak at palinawin ang isip o tumawag sa Sentro ng Komprehensibong Suporta para sa mga Pamilyang may Bata (Public Health Center) at sabihin ang inyong nararamdaman.



Huwag ninyong kimkimin na nag-iisa
ひとりで抱え込まないで

Kapag ang inyong anak ay maliit pa, hindi kayo madalas na nakakalabas, at madali para sa inyo na sariling ang mga inaakalang bagay at mga problema. Lalo na kapag ang asawa lamang ninyo ang inyong nakakaasap sa sariling wika, maaaring makaramdam kayo na kayo ay nakahiwalay sa kapaligiran. Kapag kayo ay may pinag-aalala o problema sa pagpapalaki ng inyong anak, pumunta sa Sentro ng Komprehensibong Suporta para sa mga Pamilyang may Bata (Public Health Center), kapag nais ninyong magkaroon ng kakilala na makakaasap ninyo sa sariling wika, o nais ninyong makakuha ng mga impormasyon sa sariling wika, pumunta sa website ng International Association ng inyong prefecture o sa website ng inyong embahada, na gamit ang smart phone o computer. Maaaring makakita kayo ng nagpapakilala sa mga komunidad o mga impormasyon makakapagbigay sa inyo ng kaluwagan.



企画・制作 公益社団法人 母子保健推進会議

Sumama sa Brazilian-style BBQ at Japanese-French *rakugo* exchange!

Ang ika-14 ng Hulyo ay nagpapahiwatig ng Araw ng Bastille sa France, at sa ilalim ng mga pangunahing prinsipyo ng kalayaan, pantay-pantay na karapatan at kapatiran ng French, inanyayahan sina Cyril Coppini (isang tradisyonal na tagapagkuwento ng *rakugo* ng French) at mga Brazilian sa buong Japan, na magtipon sa Gifu upang makipag- ugnayan sa mga taga- Gifu sa pamamagitan ng pag-enjoy sa pagkain, rakugo at samba. Tayo na at mag-enjoy at maranasan ang kaganapang ito!



- Petsa** Hulyo 14, 2024 (Lin)
- Oras** 16:00-20:30 Churrasco Brazilian BBQ
18:30-19:30 Japanese-French rakugo performance
- Lokasyon** Entokuji Temple (6-24 Kanda-machi, Gifu-shi)
- Magkasamang hos** Gifu Prefecture Japanese-French Association
Gifu Prefecture Japanese-Brazilian Association
- Kwalipikasyon** Ang sinuman ay maaaring sumali
- Bilang ng mga kasali** 150 katao (para sa pagkuwento ng rakugo)
- Bayad** Pagtatanghal ng Rakugo: ¥1500 (para sa mga miyembro ng Japanese-French o Japanese-Brazilian associations, o kung binili nang maaga), ¥2000 para sa hindi miyembro o kung binili sa araw ng kaganapan.
Churrasco BBQ party: ¥2500 (¥1500 para sa mga bata sa elementarya)
- Makipag-ugnayan** Mga aplikasyon para sa Japanese-French rakugo performance
Gifu Prefecture Japanese-French Association
Address: 12 Hashizume-cho, Gifu-shi
TEL/FAX: 058-235-7253 Direct Contact: 090-3850-9478 (Iizuka)
Email: i-grec@mub.biglobe.ne.jp

Mga aplikasyon para sa Churrasco BBQ
Gifu Prefecture Japanese-Brazilian Association
TEL: 058-263-4315 FAX: 058-263-4357
Email: kumada@earth-p.com



Information

Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Gifu Prefecture

Huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa amin tungkol sa anumang mga problema na may kaugnayan sa inyong pang-araw-araw na buhay (buwis, pabahay, edukasyon, Welfare, atbp.). Susuportahan namin kayo sa paglutas ng inyong mga problema sa pakikipagtulungan sa mga kinauukulang mga pampublikong institusyon.

* Medical Interpreters ay hindi available.

Office Hours : Lunes ~ Biyernes 9:30 ~ 16:30

*Maliban sa Pagtatapos ng Taon at mga Pista Opisyal

Numero ng Telepono : 058-263-8066

Wika : English, Chinese, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Korean, Indonesian, Thai, Khmer (Cambodia), Nepali, Myanmar, Spain, Malay at Mongolian

Mayroon din kaming “face-to-face” na konsultasyon sa wikang English, Chinese, Portuguese, Tagalog, at Vietnamese. Kung nais kumunsulta, mangyaring pumunta sa Gifu International Center. Para sa ibang mga wika, konsultasyon ay sa telepono lamang.

Inilathala ng

Gifu International Center (GIC)

Gifu Chunichi Bldg., 2F,

1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875

TEL: 058-214-7700 FAX: 058-263-8067

E-mail: gic@gic.or.jp Site: <https://www.gic.or.jp>

Araw at Oras na Bukas: 9:30~18:00 (Linggo~Biyernes)

Araw na Sarado: Sabado, Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon

Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

Petsa ng Isyu

2024 Hulyo 1

(3 beses sa 1 taon: Hulyo, Nobyembre at Pebrero)

